COMMISSION ON HUMAN RIGHTS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Region Office 3
DMGC, City of San Fernando

**Kwento Mula sa Looban: Sitwasyon ng mga Kababaihan sa Kulungan**
Mga Katanungan para sa Focus Group Discussion

**FOCUS GROUP DISCUSSION**
With Women in Detention and Lecture on Mandela and Bangkok Rules
Bataan District Jail, Balanga, Bataan
11 October 2019
CHR Region 3
Atty. Joan E. Andrada
Alma Nozawa
*Facilitators*

**Pagpapakilala sa CHR**

> "Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay malinaw na paglabag sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at paggalang sa karapatang pantao."
> -- *Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW)*

Ang Komisyon ng Karapatang Pantao bilang human rights institution ay may mandato na magbisita sa mga kulungan at kamustahin ang kalagayan ng mga nasa piitan. Ito ay regular na nag-coconduct ng jail visitation mula sa aming Visitorial Services Division at sa Regional office – CHR-NCR. Sa Magna Carta of Women, ang CHR din ay naatasan na Gender Ombud – bilang Gender Ombud sinisulong nito ang karapatang pantao ng mga kababaihan kasama na nag mga lesbyana, babaing may kapansanan, at mga matatanda.

**Pagbibigay ng Layunin ng FGD:**
Ang mga layunin ng FGD ay:

1. Makapag-kalap ng impormasyon tungkol sa karanasan ng mga kababaihan sa loob ng kulungan;
2. Mabigyan ng puwang ang mga kababaihan para mapag-usapan ang kanilang karanasan patungkol sa (a) kalagayan sa kalusugan; (b) seguridad at proteksyon mula sa karahasan; (c) pangangailangang pangkalusugan; at (d) pangangailangan ng ina at anak;
3. Matukoy kung maayos ban a natutugunan ng pamahalaan ang kanyang tungkulin para protektahan ang mga kababaihan at para sugpuin ang lahat ng karahasan sa tahanan at sa komunidad; at
4. Mabigyang pagkakataon ang mga kababaihan maipahayag ang sarili sa pamamagitan ng pagpipinta ng mga pangarap.

**Demograpikong detalye:**

| | |
|---|---|
| Edad | 21 – 26 taon gulang = 6 katugon<br>29 taon gulang = 1 katugon<br>36 – 40 taon gulang = 3 katugon<br>51 – 72 taon gulang = 5 katugon |
| Kasarian | Babae = 17 katugon |
| Etnisidad | Tagalog = 12 katugon<br>Cotabato = 1 katugon<br>Samar = 1 katugon<br>Bataan = 2 katugon<br>LAmao = 1 katugon |
| Status Sibil | May Kalive-in = 4 katugon<br>Single = 7 katugon<br>Kasal = 3 katugon<br>Biyuda = 2 katugon |
| Bilang ng Anak | Walang anak = 1 katugon<br>1 anak = 2 katugon<br>3 anak = 4 katugon<br>4 anak = 1 katugon<br>5 anak = 1 katugon |
| Pinaka mataas na natapos/ naabot na edukasyon: | Elementary = 2 katugon<br>High School Graduate = 7 katugon<br>Alternative Learning System = 2 katugon<br>Under graduate = 5 katugon |
| Hanapbuhay/Pinagkakakitaan bago makulong: | Collector in lending Cp. = 1 katugon<br>Vendor = 4 katugon<br>Cook = 1 katugon<br>OFW = 1 katugon<br>Fishing = 1 katugon<br>Factory worker = 2 katugon<br>Service crew/<br>Training manager = 1 katugon |
| Nakasampang Kaso: | RA 1965 sec. 5&11 = 9 katugon<br>RA 9165 sec 5&11 = 4 katugon<br>Staffa = 1 katugon<br>Illegal Fishing =1 katugon |
| Tagal ng pagkakakulong: | 1 – 5 buwan = 5 katugon<br>1 taon pataas = 11 katugon |

**Kwento Mula sa Looban: Sitwasyon ng mga Kababaihan sa Kulungan**

Mga Katanungan para sa Focus Group Discussion

**(LBT)**

| **I. Pagpapakilala** | |
|---|---|
| A. Alin sa mga emosyon ang inyong pangkaraniwang batid sa pang-araw araw dito sa bilanguan? Bawat babae ay may dalawang sticker, ilagay sa 2 emosyon na madalas nararamdaman sa loob ng kulungan. | • Malungkot, kasi po unang una sa dalaw ang pwede lang po sa amin ay first family. Tulad po naming sa karelasyon namin Yung ka live-in ko po hindi nakakapasok.<br>• Masaya po, kasi lahat po mailalahad ko po lahat ng mga tanong sa isip ko na ngayon lang po masasagot.<br>• Malungkot, yung kalive-in ko po sa laya hindi po kami nakakapag usap ng maayos.<br>• Malungkot po, kasi po yung tatay ko po nakakulong din sa kabila (male jail).<br>• Malungkot, kasi dapat pauwi na po ako kaya lang na hold kasi dahil sa problema sa GCTA. Tapos na po sana yung hatol ko 3 years, eh nakaka 1 year and 7 months na po ako. Naka hold din po yung papel namin. |
| B. Bilang LBT (lesbian bisexual o transgender) sa loob ng kulungan, ano ang pinaka-maigting na issue ang inyong kinakaharap sa loob ng kulungan? | • Wala naman po. (lahat) |
| C. [Depende sa lumalabas na kasagutan, unahin sa pagpapalalim ng diskusyon ang isyu na nabanggit ng mas marami] | • Karaniwan sa kanila ay malungkot, ito ay dahil sa ibat ibang isyu na inilahad sa itaas. Bagamat malungkot sila, wala naman silang nabanggit na mungkahi tungkol dito. |

| **II. Kalagayan sa Kulungan para sa LBT:** | |
|---|---|
| A. Pagkain, Tubig, at Espasyo<br>1. Sapat ba ang supply ng pagkain at tubig sa loob ng kulungan? Ang Espasyo? | • Yes maam, sobra sobra po ang pagkain.<br>• Ang espasyo po sapat, nakakagalaw po kami ng maayos.<br>• Yes maam, sa gamut. Kung may sakit po or may buntis sa mga PDL po naming lahat po yung pina priority po nila, hindi na po nila pinapabayaang dumating na lumalala ang mga sakit. |

| | |
|---|---|
| 2. Ano ang kondisyon ng palikuran? (komportable ba kayong nakakaligo etc.) | |
| B. Paano ka naapektuhan ng kalagayan sa kulungan bilang lesbyana, biseksual, o transgender? | • Dito lang po sa female pinagbabawal, bakit po sa male pwede. Yung mga bakla magkasama sa talima, ang hiling na lang po namin yung kahit hindi na kami magkasama, magkausap man lang kami, mag bonding kami kahit isang oras maging legal. Masayang masaya na po kami. |
| C. May particular ban a polisiya ang kulungan patungkol sa mga babaeng nag-iibigan o nagkakarelasyon sa kapwa babae sa loob ng kulungan? | • Bawal po ang mag katinginan sa mga babae, magka hawakan ng kamay, at mag karoon ng relasyon. Pati po sulat, bawal magbigayan ng sulat.<br>• Tulad po naming, kami po ay mga Lesbian, so pag nagkaroon po kami ng ka relasyon dito syempre hindi naman po mawawala na humanga di po ba. Nakagawa kami ng simpleng sulat, yun po ay pinagbabawal po nila, mababatas po kami, batiin mo sya, mag batian po kami, mababatas po kami. Nung nabatas po ako, naghuhugas po kami ng pinggan, kaldero. Yun po yung tinatawag nilang culminating works/community service. Naglilinis po ng kung anu-anu. Yun po ba ay bawal? Pinipilit po nila ni dito ay mapagbabago nila kami. Eh 51 years old na ako na tomboy eh, ako ba ay maababago pa? hindi naman po sigurong masama na ako ay humanga sa isang babae. Kaligayahan kop o yun eh, inspirasyon lang po naming. |

| **III. Seguridad** | |
|---|---|
| A. Nararamdaman nyo na ban a kayo ay ligtas mula sa karahasan at sa ano mang porma ng pang-aabuso sa loob ng kulungan? Kung hindi, bakit? | • Ligtas po kami, hindi po kami nakakaranas simula nung nakulong ako. Wala po, we are safe po. |
| B. Mayroon ba kayong alam or may mga karanasan ba kayo nap ag-aabusong pisikal o sekswal (i.e. paninilip, abusadong | • Wala po ako experience. Sa personel po wala po eh. Sa kapwa lang po naming PDL meron. Tulad ko po may karelasyon and then ayaw ba nila na maging maligaya ka? So gagawa sila, nasisilip ka nagsasalita sila ng pangit. |

| | |
|---|---|
| pananalita, diskriminasyon, isolation) mula sa isang officer, kasamang bilanggo, o mga bisita? Paano ito tinugunan ng mga opisyales ng kulungan? (kung wala – tumuloy sa sunod na tanong) | • Naimumungkahi po yun, Nalalaman po ng aming pinaka Chief yung pinaka mataas. Pagsasabihan po, halimbawa ako po nasabi ko na po sa aming chief, siya na po ang makikipag usap doon hanggang mapagkasundo po kami. Magkakamayan, magbabatian at hindi napo maulit pa. |
| C. Kung may nangyare na karahasan o pang-aabuso sa loob ng kulungan, alam nyo ba kung kanino magrereklamo at kung ano ang proseso? | • Una po kasi naming nilalapitan, halimbawa po, yung SIC po namin, lalong lalo napo yung naka upo sa human rights. Meron po kaming human rights personnel. |
| D. Pag may nagkasala sa kulungan, ano ang klase ng parusa ang pinapataw? (Ipaliwanag ang uri ng parusa, pag search sa selda o sa katawan etc.) | • Sa lungkot po namin dito, sila lang po yung ginagawa naming inspirasyon para makatagal kami sa lugar na ito.<br>• Pag nagkasala po, na ba-band po ang dalaw. Halimbawa po nagpadala ako ng sulat sa kabila sa dalaw nya pero illegal bawal. Papasok at papalabas na sulat bawal. |
| E. Ano ang pinaka maigting na takot mo bilang isang LBT sa kulungan? | • Yung ka live-in po hindi po ba pwedeng maging regular na dalaw? Once in a month lang po, tuwing friends day lang po pwd. |

| **IV. Pangangailangang Kalusugan** | |
|---|---|
| A. Ano ang nakukuha ninyong serbisyong medical sa loob ng kulungan? Anong klaseng gamut at anong serbisyo? | • Sa mga gamut po kumpleto po, halimbawa masakit ang ulo mo binibigyan po kami ng gamut kagaya ng paracetamol.<br>• Wala pong problema sa gamot. |
| B. Naranasan nyo na bang magkasakit sa loob ng kulungan? Anong klaseng sakit at paano ito natugunan? | • Kapag naman po kaylangang kaylangang dalin sa hospital dinadala naman po kahit walang court order.<br>• Sa highblood, meron pong gamut.<br>• May mga nurses po na titingin kapag kaylangan I check-up. |

| | |
|---|---|
| C. Natutugunan ba ang inyong pangangailangang pangkalusugan bilang babae, halimbawa sanitary napkins, gamut sa dysmenorrhea, myoma at iba pa? | • Samin po yung mga personal na gamit. Pero may mga activity po na dumarating po minsan na may Amen…amen po once a month po, mga religious organizations po. Nagbibigay po sila. Yung mga provided po ng gobyerno ay damit pagkain at kuryente.<br>• Natutugunan naman po. |
| D. Na-eexamine ba kayo ng doctor o nars sa kulungan? Gaano kadalas at ano ang kanilang kasarian? | • Meron pong jail nurse, isa po syang tomboy. Wala pong doctor. Kapag kaylangan ng doctor dinadala napo sa hospital. Kapag emergency kahit walang court order dinadala napo.<br>• Every 3 months po may check up kami kagaya ng x-ray, ecg, optical. Service provider po ang nagbibigay. Pero wala po sa gobyerno. Parang medical mission po sya. |

| V. Pangangailangan sa pamilya | |
|---|---|
| A. Tanggap at alam ba ng pamilya mo na ikaw ay LBT? Nakakaapekto ba ng iyong pagiging LBT sa relasyon mo sa pamilya? | • Meron po, suportado po sila lahat. Sa mga manganganak. |
| B. Sa mga may anak, kapatid, pamilya sa labas ng kulungan, paano nakaapekto ang inyong pagkakulong sa inyong pamilya? Sa iyong pagiging ina? | • May anak po akong isa, para sa akin sobrang naka apekto sa aking pamilya. Nagkaroon ako ng karelasyon dito sa taguig tapos nadamay. Bawal po sa amin mag video call, nangungulila po ako sa aking anak na 5 years old na nasa Bicol.<br>• Maam yung pong father ko 85 years old na maam, sana ma request ko na Makita ko yung ka live-in ko.<br>• Nalulungkot ako kapag naiisip ko na wala ng nagaalaga sa dalawang matanda, sana makalabas na ako para maasikaso ko yung pamilya ko. Sana maging oks na yung GCTA. |
| C. (Para sa mga ina) Paano mo tinutulungan at nagagampanan ang iyong pagiging ina sa mga may kayang anak? Regular mo ba na nakakausap at nakikita ang inyong | • Hindi po naming nagagampanan ang pagiging anak o ang pagiging ina. |

| | |
|---|---|
| mga anak at pamilya? | |
| D. Anong pangangailangan mo ang hindi natutugunan? | • Hindi matangap yung pakikipag relasyon naming dito sa loob. Pinipigilan nila ang aming kaligayahan.<br>• Lagi po naming dinadaing sa aming mga leaders na sila ang mag mungkahi, dahil bawal sa amin ang dumikit sa mga personel. Magkaroon sana kami ng pagkakataon. |

**Kwento Mula sa Looban: Sitwasyon ng mga Kababaihan sa Kulungan**

Mga Katanungan para sa Focus Group

**(Women)**

| **I. Pagpapakilala** | |
|---|---|
| A. Alin sa mga emosyon ang inyong pangkaraniwang batid sa pang-araw araw dito sa bilanguan? Bawat babae ay may dalawang sticker, ilagay sa 2 emosyon na madalas nararamdaman sa loob ng kulungan. | • Malungkot po, kasi po sa pamilya at mga anak. Una, hindi ako nadadalaw. Pangalwa, yung sa aking kinakasama. Yung anak kopo hindi nakakapag-aral.<br>• Nag hearing po ako nung 11 pero walang magandang resulta. Kaya po ako malungkot kasi dala dala kop o yung bigat ng walang magandang resulta.<br>• Masaya po ako, dahil sa unti unting nangyayare sa buhay ko. Dito po nabibigyan kami ng pagkakataon na makakain kami ng libre at edukasyon. Sana po sa kaming lahat ay hindi na bumalik sa dati.<br>• Malungkot po kasi maraming umaasa sa akin sa labas.<br>• Masaya po dahil nandyan po kayo, dahil inaalam ang aming sitwasyon dito sa loob ng kulungan. |
| B. Ano ang pinaka-maigting na issue ang inyong kinakaharap bilang babae sa loob ng kulungan? | |
| C. [Depende sa lumalabas na kasagutan, unahin sa pagpapalalim ng diskusyon ang isyu na nabanggit ng mas marami] | |

| **II. Kalagayan sa Kulungan** |
|---|

| | |
|---|---|
| A. Pagkain, Tubig, at Espasyo<br>1. Sapat ba ang supply ng pagkain at tubig sa loob ng kulungan? Ang Espasyo?<br>2. Ano ang kondisyon ng palikuran? (komportable ba kayong nakakaligo etc.)<br>3. Kung hindi sapat, paano ito natutugunan o nagagawan ng paraan? | • Tungkol po sa pagkain naming maam. Wala po kaming masabi. Dito po nararanasan po naming kumain ng masarap. Unli po ang water naming, mineral po, yung higaan namin po ay komportable at maluwag.<br>• Yung CR po maluwang at may tubig. Sobra sobra po. Last month nawawalan po ng tubig kasi ginagawa ang Dam. |
| B. Paano natutugunan ang pangangailangan ng may espesyal na kalagayan: matanda, buntis, may sakit, may kapansanan? | • Opo, active po ang jail nurse naming sa mga may sakit. Lagging nag BBP. May supply po kami ng mga gamot. Pag may buntis po, check up po sya sa labas. Alagang alaga po ang buntis. Pati po yung higaan maluwag. Hindi po ako nahirapan. Pagka panganak kop o separate na sakin ang baby. |
| C. Natutugunan ba ang espesyal mong pangangailangan bilang babae? – may nakukuha ka bang sanitary napkins, underwear, bra, sabon, toothpaste? | • Opo, dala po ng dalaw yun. Minsan po may mga service provider nagbibigay po sila. Wala po ang jail manangement. Personal po syang gamit naming. Ang dami po naming gamot maam. |

| **III. Seguridad** | |
|---|---|
| A. Nararamdaman nyo na ban a kayo ay ligtas mula sa karahasan at sa ano mang porma ng pang-aabuso sa loob ng kulungan? Kung hindi, bakit? | • Opo, kasi po ultimong mga jail officer ayaw nila na nagkakasakitan. May rule pong Anti-jail violence. Wala pong body contact na away kahit kapwa preso. |
| B. Mayroon ba kayong alam or may mga karanasan ba kayo nap ag-aabusong | • Wala po |

| | |
|---|---|
| pisikal o sekswal (i.e. paninilip, abusadong pananalita, diskriminasyon, isolation) mula sa isang officer, kasamang bilanggo, o mga bisita? Paano ito tinugunan ng mga opisyales ng kulungan? (kung wala – tumuloy sa sunod na tanong) | |
| C. Kung may nangyare na karahasan o pang-aabuso sa loob ng kulungan, alam nyo ba kung kanino magrereklamo at kung ano ang proseso? | • Wala po, dito nga po maam pag narinig kang nagmura may parusa na. may house rules at cardinal rules pokami. Meron po kaming human rights na jailer alam po naming kung saan po kami magsusumbong. |
| D. Pag may nagkasala sa kulungan, ano ang klase ng parusa ang pinapataw? (Ipaliwanag ang uri ng parusa, pag search sa selda o sa katawan etc.) | • Behavioral shapping tools. Bawal po kami sumulat ng illegal. Pag nahuli po kaming nag susulat sa kabila. Na cut po yung aming pagtawag at meron pong mga parusa. Meron po kaming orientasyon. May mga matitigas lang po ang ulo kaya napaparusahan. Wala pong pagbubukod kahit po may violation. |

| IV. Pangangailangang Kalusugan | |
|---|---|
| A. Ano ang nakukuha ninyong serbisyong medical sa loob ng kulungan? Anong klaseng gamut at anong serbisyo? | • May check-up po kami tapos kung anu pong kaylangan naming binibigay naman po sa amin mga gamot. May medical mission po dito samin every Monday. Kapag po may reseta sila napo ang bahala dun. Yung mga service provider po nagbibigay po ng pangkalahatang konsultasyon. |
| B. Kung may medical emergency na nararanasan, paano ito natutugunan ng mga opisyales? (gaya ng labis na pagdudurugo, diabetes, high blood, etc.) | • Minsan po si warded, kasi po mabait ang warden naming. Pag po kaylangang kaylangan pina palabas po ni warden kahit walang court order. |

| | |
|---|---|
| C. Natutugunan baa ng inyong pangangailangang sa reproductive health tulad ng buwanang pagdurugo, dysmenorrhea, at pagpapa examine ng STD or HIV bago maiadmit sa kulungan? | • Sa dysmenorrhea, nabibigyan naman po kami ng pain reliever. Opo, supportive po. Wala naman po kaming na experience na maoperahan. Yung mga may asthma naman po meron pong oxygen dyan at nebulizer. |
| D. Meron bang nakatalagang doctor o nurse sa kulungan? Kung meron ano ang kasarian?<br>1. Mayroon bang regular na screeining para sa breast at pap smear? | • Meron pong nurse jail. Meron pong doctor, tinatawagan lang po nila. Meron pong tatlong nurse. |

| V. Pangangailangan ng Ina at Anak | |
|---|---|
| A. Mayroon bas a inyo na nagbuntis o nanganak sa kulungan? Kung OO, ano ang inyong karanasan? | • Ako po, inaasikaso po ako dito. Sa provincial hospital po ako nanganak. Na baby nga po ako nun, kasi lagi po akong may check up. |
| B. Sa mga may anak, kapatid, pamilya sa labas ng kulungan, paano nakaapekto ang inyong pagkakulong sa inyong pamilya? Sa iyong pagiging ina? | • Kasi po ganto, isa lang po yung anak. Tatlo lang po kami, ako lang po inaasahan ng magulang kio na mag-aalaga sa kanya. Yung anak ko naman po natigil na sa pag-aaral. Yung konting naipon ko po naipag pagawa ng bahay kaya lang hindi pa po sapat para malipatan. Gusto ko pong malaman kung anung kalagayan nila. Kahit hindi nila ako nadadalaw ok lang kasi nakakain ako ng 3 beses sa isang araw. Ang tanong ko nga po, sila ba nakakain? Sobrang hindi nakumpleto yung araw ko ng hindi ko sila naiisip. |
| C. (Para sa mga ina) Paano mo tinutulungan at nagagampanan ang iyong pagiging ina sa mga may kayang | • Ako po bilang kapatid po, nung nakaraan po binigyan po kami ng trabaho para magkapera kami. May mga livelihood din po na binibigyan kami dito. Kaya hindi na namin na uubliga na dalan kami ng ganto, dalan kami ng ganyan. Kung bibigyan naman po kami ng mas maramiing livelihood willing naman po kami. |

**QUILT ARTWORK ON WOMEN'S DREAMS AND HOPES**

**(Pangwakas at Paglikha ng Sining)**

Women in Detention and CHR Region 3

| | |
|---|---|
| anak? Regular mob a na nakakausap at nakikita ang inyong mga anak at pamilya? | Mas makakatulong po yun sa amin. Sa hirap po ng buhay sa laya, willing po kaming matrabaho. Magsisikap po kami. Malaking bagay napo yung maitaguyod naming ang aming sarili.<br>• Nung una po ako lang po ang nahuli. Mas iintindihin pa ba nila ako kaysa sa mga anak ko? syempre Mas iisipin nila yung mga anak kong naiwan sa kanila. Yung para sa akin ay para sa mga anak ko na lang. Kaya nung nakulong po ako, pinilit ko pong magkaroon ng hanapbuhay dito sa loob. Nagsipag po ako para hindi ako maging pabigat sa pamilya ko. Hindi po ako magiging pabigat kahit nasa kulungan ako.<br>• Dapat po ako na yung umiintindi sa kanila pero ako pa yung iniintindi nila. |

**Kwento Mula sa Looban: Sitwasyon ng mga Kababaihan sa Kulungan**

Mga Katanungan para sa Focus Group Discussion

## Older Women

| I. Pagpapakilala | |
|---|---|
| A. Alin sa mga emosyon ang inyong pangkaraniwang batid sa pang-araw araw dito sa bilanguan? Bawat babae ay may dalawang sticker, ilagay sa 2 emosyon na madalas nararamdaman sa loob ng kulungan. | • Kasi hindi ako sanay sa buhay na ganito. Tapos may sakit ako, yung anak ko nasa ibang bansa hindi ko nakikita, yung apo ko hindi ko nakikita. Lahat ng hirap nraranasan ko, hirap ng emosyon lahat lahat. Yung emosyonal na hirap na hindi ko naranasan sa mahabang panahon. Hindi ko parin matanggapa, dahil hindi ko inexpect na mangyayare sakin ito sa edad ko na 54. Paano ko matatangap na nandito ako ngayon, hindi man lang ako inimbistagahan. Kinuha nila ako sa bahay namin, dinala ako sa munisipyo pinagawa nila lahat sakin. Wala silang nakuha sa akin tapos pag dating ko sa munisipyo may 5 o 4 na sachet g shabu at 500 na mark money. Wala kaong bulsa. Kinuha mo ako sab bahay ko. At ang mga pulis bakit di muna nila ako inimbistagahan. Ngayon ang hindi ko dapat maranasan. Ang hirap at hinanakit ng anak ko sa mga pulis ganun na lang. Panu ko matatangap na nandito ako? Panu ko matatangap na ganun ako? dahil hindi ko ginagawa yun.<br>• Smiley po, kasi po maam sa ayaw at sa gusto ko man po maging malungkot, wala akong magagawa. Para hindi mas maging mabigat ang pananatili ditto ang tanging magagawa ay ang idaan mo sa tawa, idaan mo sa ngiti idaan mo sa tawa para maging magaang ang pananatili mo dito. |

| | |
|---|---|
| | • Malungkot, unang una po ang anak ko ay 4, pero walang dumadalaw sa akin dito sa loob ng isang taon dahil nagalit sa akin sap ag kakakulong ko. Hindi nila kayang tanggapin ang kahihiyan ng pagkakakulong ko, gayun paman yung kaisa isa kong kapatid dumadalaw paminsan minsan. Hindi ko naramdaman na nagging masaya ako, puro kalungkutan,<br>• Malungkot, hindi po kami makalabas kasi po laging na rereset ang hearing. kasi po inaasahan po naming lalabas na kaming maglola kaya lang hindi matuloy tuloy. |
| B. Bilang matandang babae sa loob ng kulungan, ano ang pinaka-maigting na issue ang inyong kinakaharap sa loob ng kulungan? | • ang pinaka ano po samin pag yung wala kaming dalaw. Ayos naman po ang pamamalakad ng warden naming at mga personel pati nap o ang kanilang mga kasama. Sila po ay da best pong tumutulong sa amin sa lahat ng pangangailangan namin. Syempre po biglang nagkakaroon ng problema kapag may mga kasamang pasaway. Sa pagkain naman po oks naman.<br>• Yung dalaw pili lang, first family lang hindi pwdng dalawin ng pinsan, pamangkin. Hindi ba dapat karapatan namin na dalawin kami kasi malungkot dito eh. |
| C. [Depende sa lumalabas na kasagutan, unahin sa pagpapalalim ng diskusyon ang isyu na nabanggit ng mas marami] | Rekomendasyon:<br>1. Sana magkaroon ng batas na bigyan ng pagkakataon ang mga nasa piitan na madalaw ng hindi kabilang sa "first family". |

| **II. Kalagayan sa Kulungan para sa mga Matatanda:** | |
|---|---|
| A. Pagkain, Tubig, at Espasyo<br>1. Sapat ba ang supply ng pagkain at tubig sa loob ng kulungan? Ang Espasyo? | • Opo maam, sapat ang tubig at pagkain ganun din ang espasyo. |
| 2. Ano ang kondisyon ng palikuran? (komportable ba kayong nakakaligo etc.) | • Opo komportable po sa kondisyon ng palikuran. Dahil konti na lang kami. |

| | |
|---|---|
| 3. Paano ka naapektuhan bilang older woman (matandang babae) sa kondisyon sa kulungan? | • Siguro yung lungkot, hindi ka sanay sa small space, sanay ka sa big space. Over all oks sya.<br>• Ok naman po maam. Ikaw din naman po ang malulungkot kapag hindi ka nag adjust.<br>• Wala naman po akong problema maam |
| 4. Bilang matandang babae sa loob ng kulungan, ano ang pinakamahirap na karanasan para sa iyo? | • Ako din po, ok naman po ang lahat lahat dito. Ang pinaka mahirap lang yung lungkot.<br>• Ang pinaka mahirap yung magkasakit ka na, pag tumatanda na marami ng nararamdaman.<br>• Ang pinaka mahirap para sa akin, pag sumusumpong yung karamdaman namin na hindi kami madadala sa hospital kapag walang court order. |

| **III. Seguridad** | |
|---|---|
| A. Nararamdaman nyo na ban a kayo ay ligtas mula sa karahasan at sa ano mang porma ng pang-aabuso sa loob ng kulungan? Kung hindi, bakit? | • Opo, ligtas po kami dito. |
| B. Mayroon ba kayong alam or may mga karanasan ba kayo nap ag-aabusong pisikal o sekswal (i.e. paninilip, abusadong pananalita, diskriminasyon, isolation) mula sa isang officer, kasamang bilanggo, o mga bisita? Paano ito tinugunan ng mga opisyales ng kulungan? | • Wala po maam |
| C. Kung may nangyare na karahasan o pang-aabuso sa loob ng kulungan, alam | • Meron po, tinuro napo samin. Nung pumasok po kami dito pinaliwanag, kakausapin po ng lahat ng leader. Ipapaliwanag po yung mga patakaran. Opo, meron pong orientasyon. |

| | |
|---|---|
| nyo ba kung kanino magrereklamo at kung ano ang proseso? | |
| D. Ano ang pinaka maigting na takot mo bilang isang LBT sa kulungan? | • Maam kung saka sakali po maam, syempre po hindi natin na pare parehong inaasahan na magkaaberya po. Gaya po ng naka padlock po kami at biglang magkakaroon ng sunog or lindol. Hindi po kami pagbubuksan maam.<br>• May nangyareng attacks diba po no, so nagka barilan. Ang tendecy nun syempre kaming lahat nasa loob. paano po kami, If ever na po na ang barilan pumasok sa loob saan po kami tatakbo kasi naka padlock kami eh wala kaming lalabasan yun lang. syempre ang dahilan nila kaylangan naka safe ka rin sa loob ka kaya ka nilock. Siguro naman, in other hand naman siguro di naman naming tatangkaing tumakas kahit na nagkakagulo ano kami, kukuha ng sakit ng ulo dipo ba? Ang ano lang naming, kung sakaling nagkakagulo panu kami lalabas, wala din kaming tatakbuhan? |

| **IV. Pangangailangang Kalusugan** | |
|---|---|
| A. Ano ang nakukuha ninyong serbisyong medical sa loob ng kulungan? Anong klaseng gamut at anong serbisyo? | • May Monthly po maam checkup, volunteer po ng mga hospital. Pagkatapos po may medicine ang bawat isa samin, kung anu yung karamdaman mo makakakuha ka ng gamut. |
| B. Naranasan nyo na bang magkasakit sa loob ng kulungan? Anong klaseng sakit at paano ito natugunan? Paano tinutugunan ng mga opisyales ng kulungan ang medical emegrgency? Sapat ba ang kanilang pag responde? | • Opo, katulad ko po may tubig po sa paa ko.<br>• Yung pamamanas po ng paa ko, dinadala ng asawa ko yung insulin ko.<br>• May maintenance po ako sa hypertension dinadala ng kapatid ko. May vertigo din po ako at rayuma.<br>• May oxygen po ditto kapag di ka makahinga. Meron ding mga nurse na titingin sayo. |
| C. Natutugunan ba ang inyong pangangailangang pangkalusugan lalo | • Tapos may checkup naman. |

| | |
|---|---|
| na patungkol sa pangangailangang gamut at check up at agarang lunas? | |
| D. Meron ba kayong social protection: 4Ps, SSS, Philhealth – nagagamit nyo baa ng mga ito? | • Wala po |

| V. Pangangailangan ng Ina at Anak | |
|---|---|
| A. Sa mga may anak, kapatid, pamilya sa labas ng kulungan, paano nakakaapekto ang inyong pagkakakulong sa inyong pamilya? Sa iyong pagiging ina? | • Malaki, kasi sakin kahit alam kong nasa abroad ang anak ko. Sakin lang naka depende ang anak ko. Kahit sabihin mong accept ako ng anak ko, iba kasi sa nakapaligid. Apektado yung anak ko. Hindi pantay ang hustisya, hindi makatao. |
| B. Paano mo tinutulungan at nagagampanan ang iyong pagiging ina sa mga may kayang anak? Regular mo ba na nakakausap at nakikita ang inyong mga anak at pamilya? | • Tulad ng sulat, tapos messenger ng asawa ko. Tapos magrereply yung anak ko. Meron po kaming regular nap ag uusap.<br>• Wala po<br>• Kaya lang po hindi po nila ako dinadalaw po maam. Hindi po nila matangap. Sa korte lang po kami nagkikita.<br>• Hindi po nila ako dinadalaw. Mag 1 year na po ngayon. Sana po dalawin nila ako. May anak po ako sa abroad pero hindi ko na pinapaalam yung kalagayan ko. Yung bunso lang ang may alam. Nahihiya ako sa mga manugang ko at sa mga anak ko.<br>• Yung mga supporta naming sa anak naming wala.<br>• Hindi sila makadalaw kasi wala silang pera.<br>• Nakakatawag din po kami sa kanila sa telepono.<br>• Mahirap yung ikaw lang ang ineexpect ng anak mo. |
| C. Anong pangangailangan mo bilang matandang babae sa kulungan ang hindi natutugunan? | • Siguro po, yung senior citizen dapat nasa labas na sila. May mga nararamdaman na sila sa ganyang edad. |

Sa kabuuang tema ng ng Focus Group Discussion ang mga sumusunod na mga detalye ng mga karanasan ng mga Babae sa Loob ng piitan ay nakalap at naitala.

## I. Pagpapakilala sa Emosyon at Nararamdaman

Magkahalong emosyon ang nararamdaman ng mga kababaihan mula sa hanay ng mga LBT, Matatanda (May Edad), at Kababaihan.

Malungkot, (1) dahil wala silang dalaw na nagmumula sa kanilang pamilya; (2) hindi nila maramdaman ang katarungan sa kanilang pagkakasangkot sa kaso nilang pinagdudusahan sa ngayon; (3) hindi gumugulong ang kanilang paglaya sa nangyayaring suspension ng GCTA; at (4) ang kahihiyan na dinaranas nila sa kaso ang naguudyok sa kanilang pamilya na hindi matangap ang kanilang kinalalagyan sa kasalukuyan bagamat hindi lahat ay ganoon ang sitwasyon.

Masaya, (1) dahil sila ay nabigyan ng chance na makapag bago at maitama ang kanilang kamalian at sapat ang suporta ng gobyerno.

## II. Kalagayan at pangangailanagan sa Kulungan

Sa kalusugang aspeto, sa kaso ng mga may edad pataas, ang kalusugan ang isa sa nagiging suliranin.

Sa kabuuan naman, masayang ibinahagi ng karamihan na maayos ang kanilang kalusugan dahil may sapat na pagkain, gamot, espasyo sa pagpapahinga at palikuran. Sapat ang atensyon na binibigay ng administrasyon ng kulungan. Pati ang may mga kalagayan ng pagbubuntis ay agad ding natutugunan. Nagging madali sa bawat isa ang pagbibigay ng opinion dahil meron silang sariling Human Rights Desk sa loob ng piitan.

## III. Seguridad

Sapat ang seguridad sa loob ng kulungan. Mahigpit na ipinatutupad ang mga alituntunin at pamantayan halimbawa nito ay **Behavioral shapping tools.** Ang iba ay nagrereklamo dahil nasisiil ang kanilang sariling pangangailangan at kagustuhan. Ngunit sa pangkalahatng aspekto, ang lahat ng ito ay ipanatutupad ayon sa napagkasunduan ng PLD at Jail administration.

## IV. Pangangailangan ng Ina at Anak

Isa sa pinaka madamdaming parte ng diskusyon ang may kinalaman sa Ina, Anak at mga kamag anak. Ang mga sumusunod ay direktang sipi mula sa FGD.

"Tulad ng sulat, tapos messenger ng asawa ko. Tapos magrereply yung anak ko. Meron po kaming regular nap ag uusap". "Kaya lang po hindi po nila ako dinadalaw po maam. Hindi po nila matangap. Sa korte lang po kami nagkikita". "Hindi po nila ako dinadalaw. Mag 1 year na po ngayon. Sana po dalawin nila ako. May anak po ako sa abroad pero hindi ko na pinapaalam yung kalagayan ko. Yung bunso lang ang may alam. Nahihiya ako sa mga manugang ko at sa mga anak ko". "Yung mga supporta naming sa anak naming wala". "Hindi sila makadalaw kasi wala silang pera". "Nakakatawag din po kami sa kanila sa telepono". "Mahirap yung ikaw lang ang ineexpect ng anak mo".

**Pangkalahatang Rekomendasyon:**

1. Sana magkaroon ng batas na bigyan ng pagkakataon ang mga nasa piitan na madalaw ng hindi kabilang sa "first family".
2. Yung may mga edad, may sakit dapat yung may edad na 60 plus at nakakaramdam na may sakit ay mabigyan sila ng pagkakataon mabuhay sa labas.
3. Mapayagan kaming mga LBT na makipag relasyon sa loob kahit makipag usap lang. kahit hindi kami magkahawakan. Kahit isang beses lang sa isang linggo. Kamustahan, maging legal/open kami. At payagang dumalaw ang aming mga karelasyon na babae. Hindi man lang inaabot ng isang oras.
4. Kung pwede po sana para hindi kami mapagiwanan, makasama po sana naming ang aming asawa kahit tig-isang oras lang po. Conjugal visit.
5. Magdagdag po ang gobyerno ng dagdag na livelihood program at Edukasyon.
6. Sana po mag provide ang gobyerno ng ilang personal hygiene materials.

## LECTURE ON MANDELA AND BANGKOK RULES

### Nelson Mandela Rules
*(An excerpt from the lecture discussion)*

1. Respect for prisoners' inherent dignity

The principle of treatment with respect for the dignity and value as human beings and the prohibition of torture and other cruel, inhuman or degrading treatment or punishment have been incorporated throughout the Rules, including as a basic principle in Rule 6 and by providing guidance on searches of prisoners for example.

2. Medical and health services

The Rules clarify that healthcare of prisoners is a state responsibility, and should be of an equal standard to that available in the community and organized in close relationship to the general public health administration. There is detailed guidance on healthcare in prison and on the role of healthcare staff.

3. Disciplinary measures and sanctions

Comprehensive changes in this area include updated guidance on the use of instruments of restraint, procedural safeguards in disciplinary procedures and clarification of prohibited disciplinary sanctions (e.g. restriction of drinking water). As an overarching principle, prison staff are encouraged to use conflict prevention mechanisms to prevent disciplinary offences and resolve conflicts. Limitations on the use of solitary confinement are included for the first time in an international standard.

4. Investigations of deaths and torture in custody

The updated provisions introduce the obligations of the prison in cases of any death, disappearance or serious injury. These include obligations on reporting, investigations and notifying family or friends. Prisoner file management requirements were also amended in recognition of their role in recording incidents and complaints.

5. Protection of vulnerable groups

Revisions to provisions for prisoners with particular vulnerabilities were limited, but overall the Rules now clarify that prisons need to identify the individual needs of prisoners and that measures taking account of such needs must not be regarded as discriminatory. Some provisions were incorporated on children imprisoned with their parent and outdated terminology regarding prisoners with disabilities was changed.

6. Access to legal representation

Provisions were updated and expanded to cover not only pre-trial detention and criminal proceedings, but requirements of legal counsel more comprehensively based on the 2012 UN Legal Aid Principles and Guidelines. The Rules also clarify that prisoners are allowed to keep in their possession documents relating to their legal proceedings.

7. Complaints and independent inspection

Provisions dealing with information for prisoners and access to complaints mechanisms has been updated, as well as protection against retaliation, intimidation or other negative consequences as a result of a complaint. The impact of external monitoring was acknowledged by introducing the requirement of a twofold system of regular inspections, internal as well as external by an independent body.

8. Training of staff

Provisions on training were updated to clarify the necessity of training for staff prior to entry into service as well as ongoing in-service training, both of which should reflect contemporary evidence-based best practice. A list of training requirements includes security and safety, the concept of dynamic security, and the use of force and instruments of restraint, as well as management of violent offenders, with due consideration to preventive and defusing techniques.


## Bangkok Rules on Women Offenders and Prisoners
*(An excerpt from the lecture discussion)*


The Bangkok Rules represent a vital step forward for the rights of women in prison and women offenders. Now the standards need to be put into practice. Many of the Rules do not require additional resources for their implementation, but a change in awareness, attitude and practices – and in particular a committed investment in the training of prison staff, policy-makers, prison administrators and others who engage with women in the criminal justice system.

The Rules cover, for example:


- admission procedures
- healthcare
- humane treatment
- search procedures
- Children who accompany their mothers into prison.



BATAAN



Maging masaya kasama sila bago man lang ako
mawala sa mundo. Ito po





ako po ay FJ. Taong galing
na po ako at ako ay isang
taon at 8 buwan na po a/o dito
walang dalaw po dahil po sa
malayo po ang lugar ko sa cutan
bato po ang lugar ko sala mat
po at may bumibista po lamang
dito ang mga atam Salamat po



ang pangarap ko sa ngayon ay makalaya at maka-
sama ang mga anak ko... at makasama ko na
ang aking mga kapatid at magulang... sana
makalaya na kaming lahat. Papa Jesus
10



Apat na Appartment
Pag laki ko po magtratrabaho at
magsisikap po akong makaipon at
ng sa ganun po ay matupad ko po
ang pangarap ko na magkaroon ng
maraming appartment. Ang mga mata
tandang tomboy or lesbian po ang libre
kong patitirahin at kukupkupin sa isang
pinto at mga Matatandang Bakla or Gay
naman po sa ikalawang pinto. Lagi ko pong
ipinagdadasal na magkaroon ng katuparan
ang pangarap kong ito.



Jesus
kahit gaano Man ang mga
Pagsubok na bingay nga sa akin
Hinding hindi ko po sya kakalimutan
Jesus Christ


DEAR GOD.
THANKYOU PO SA BUHAY NA BINIGAY NIYO PO SA AKIN.
THANKYOU PO SA KALAKASAN, PAG-
AT PATNUBAY PO
ASA, BLESSING,
SA AKIN SA AKING PAMILYA.
NA BINIBIGAY NIYO PO
PAGKAKASALA PO NA
PATAWAD PO SA MGA
NAGAWA KO ALAM
KO PO KAYA PO AKO NASA
LUGAR NA TO PARA
IPARITA NIYA PO SA AKIN
ANG TAMANG LANDAS. SALAMAT PANGINOON SALAMAT.
ISA PO SA UNANG UNANG HINIHILING KO AY
MAKALABAS PO KAMI NI MAMA SA LUGAR NA TO.
AT MAKAPAG BAGONG BUHAY, AT HARAPIN ANG
BUKAS NG BUO ANG PAMILYA AT KASAMA ANG
PANGINOON SA ARAW ARAW NA PAMUMUHAY NG
SA GAYON DI NA PO AKO, KAMI, MALIGAW NG LANDAS.
PAG NAKALABAS PO AKO SA LUGAR NA TO.
IPAGPAPATULOY KO PO ANG PAG AARAL
KO, PARA PO MAKA-PAGTRABO PO AT MAKA-
TULONG PO AKO SA PAMILYA KO. ISA PO ITO SA
GUSTO KONG IBIGAY KAY MAMA. DAHIL ALAM KO PO
NA PANGARAP NIYA ANG MAPAG TAPOS AKO NG
PAG AARAL.
SANA RIN PO SA DARATING
NA PASKO AY MAGKASAMA
SAMA NA PO KAMI, ILANG PASKO NA RIN HA NAN
DITO SI MAMA. KAYA SANA PO MAKAPAG PASKO PO KAMI
NG SAMA SAMA.


KATULAD KO NA ISANG LBT. PANGARAP KO ANG MAKASAL DIN
SA TAONG MAHAL KO NA KAPWA KO BABAE.
NAIBIGAY KO NA LAHAT NG GUSTO NYA, YUNG MAPATUNAYAN
KO NA SYA NA PO YUNG GUSTO KONG MAKASAMA HABANG
BUHAY NA MAY BASBAS NG SIMBAHAN. YAN PO ANG
KAISA-ISANG PANGARAP KO AT GUSTONG MAGAWA SA BUHAY
KOAY ANG MAIKASAL.



ETO PO AY AKO AT AKING 5 MGA ANAK PANGARAP KO PO
NA SA AKING PAG LAYA AY MAGING MAAYOS AT MAGING MASAYA
NA ANG BUHAY NAMIN.
SANA PO TUPARIN NA NI LORD YUNG PANALANGIN KONG MABIGYAN
NG PAGKAKATAON NA MAKALAYA AT MAKASAMA KO NA PO ANG AKING
PAMILYA.



gusto kung makabonding ang mg
anak ko. sobrang miss na miss
kuna sila.
mama



①

By the Way. Sa Sitwasyon Ko Po Sa
Ngayon Wala Po Akong dapat na Alalahanin
Kahit na Po Wala Akong dalaw dahil Po
Nakakain Po Ako ng Sapat, di lang Po
tatlong beses Sa isang Araw dahil Po
Meron Pa Po Kaming Meryonda.
Nag Papasalamat Po KAMI ng Marami
Sa GOBYERNO dahil hindi Po
Kami Pinapabayaan Sa Pagkain.
Ganun din Po Sa Mga Personnel'S
Na Patuloy Pong Pinapalakas Ang
Aming Loob Upang di Kami nawalan
Ng Pag-Asa Sa Buhay. Salamat
Sa ADVICE Po Nila. At Syempre
Sa Panginoon Po dahil Sa Kabila
Ng Aking mga nagawang Kasalanan
di nya Po Pinapabayaan Ang
Aking Magulang At Anak.
Salamat din Po Sa Inyo Mga
Attorney. dahil Kahit hindi
Nyo Po Kami Kilala →




Avenue of the participant's hopes and dreams